U.S. Small Business Administration

# BALITANG INILALABAS

## Disaster Field Operations Center West

**Petsa ng Paglabas:** Aug. 15, 2023

**Bilang ng Paglabas:** HI 18061-02

**Kontak sa Medya:** Mark W. Randle,
(916) 735-1500, Mark.Randle@sba.gov

**Sundan kami sa** Twitter, Facebook, Blogs at Instagram

## SBA Magbubukas ng Open Business Recovery Center sa Kihei Upang Tulungan ang mga Negosyong Naapektuhan ng Napakalaking Sunog

**SACRAMENTO, Calif.** – Ang U.S. Small Business Administration ay nakipagtulungan sa Hawaii Technology Development Corporation at sa Hawaii Small Business Development Center upang magbukas ng isang SBA Business Recovery Center sa Kihei noong Miyerkules, ika-16 ng Agosto, upang magbigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo sa mga negosyong naapektuhan ng malaking sunog na nagsimulang mangyari noong ika-8 ng Agosto.

“Dahil sa matinding pinsala sa ari-arian at pang-ekonomikong pagkalugi na naidulot sa mga negosyo sa Hawaii, nais naming ibigay ang bawat magagamit na serbisyo para tulungan silang makabangon muli,” sabi ng Direktor ng SBA na si Tanya N. Garfield ng Disaster Field Operations Center ng U.S. Small Business Administration-West. “Ang sentro ay magbibigay ng isang-hintuang lokasyon para sa mga negosyo upang makakuha ng iba't ibang espesyal na tulong. Ang mga kinatawan ng serbisyo sa kustomer ng SBA ay magagamit upang makipagkita nang isa-isa sa bawat may-ari ng negosyo, “dagdag niya. Walang pagtatalaga ang kailangan. Lahat ng serbisyo ay ibinibigay nang walang bayad. Ang sentro ay magbubukas ayon sa pagkakasabi sa ibaba.

**COUNTY NG MAUI**

Business Recovery Center
Hawaii Technology Development Corporation
Maui Research Technology Center
Building # A, Ste. 119 (Silid-Pulungan)
590 Lipoa Pkwy.
Kihei, HI 96753

**Magbubukas ng 8 a.m. Miyerkules, ika 16 ng Agosto**

Lunes - Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m.
Sabado, 10 a.m. – 2 p.m.

“Ang mga kinatawan ng SBA ay makikipagpulong sa bawat may-ari ng negosyo upang ipaliwanag kung paano makakatulong ang pangkalamidad na pautang ng SBA na matustusan ang kanilang pagbangon. Kanilang sasagutin ang mga tanong tungkol sa programang pangkalamidad na pautang ng SBA, ipapaliwanag ang proseso ng aplikasyon at tutulungan ang bawat may-ari ng negosyo na kumpletuhin ang kanilang elektronikong aplikasyon sa pag-utang,” sabi ni Garfield.

Ayon sa Direktor ng Sentro Wayne Wong, ang mga tagapayong pangnegosyo ng Maui Small Business Development Center ay maaaring magbigay ng tulong sa negosyo sa mga kliyente sa iba't ibang uri ng mga bagay na idinisenyo upang tulungan ang mga may-ari ng maliliit na negosyo na muling maitatag ang kanilang mga operasyon, madaig ang mga epekto ng kalamidad at magplano para sa kanilang hinaharap. “Kabilang sa mga serbisyo ang pabibigay halaga ng mga pangangailangan sa kapital ng negosyo, pagsusuri sa tibay ng negosyo, mga prodyeksyon ng daloy ng salapi, at higit sa lahat, magsusuri ng mga opsyon sa may-ari ng negosyo upang matulungan silang suriin ang kanilang mga alternatibo at gumawa ng mga desisyon na naaangkop para sa kanilang sitwasyon,” sabi niya.

Ang mga negosyo na anumang laki at mga pribadong hindi-nagpapatubong organisasyon ay maaaring humiram ng hanggang $2 milyon upang makumpuni o mapalitan ang nasira o nawasak na tunay na ari-arian, makinarya at kagamitan, imbentaryo, at iba pang kabuhayan sa negosyo. Sinasaklaw ng mga pautang na ito ang mga pagkalugi na hindi ganap na sakop ng seguro o iba pang pagbawi.

Para sa mga maliliit na negosyo, mga maliliit na kooperatibang pang-agrikultura, mga maliliit na negosyong pang-aquaculture, at karamihan sa mga negosyong pribado, mga hindi-nagpapatubong organisasyon na anuman ang laki, nag-aalok ang SBA ng Economic Injury Disaster Loan upang tumulong na matugunan ang mga pangangailangang puhunan na magagamit sa idinulot ng kalamidad. Ang tulong ng Economic Injury Disaster Loan ay magagamit ng kahit anong negosyong nakaranas ng anumang pinsala sa ari-arian.

Para sa mga may-ari ng negosyo na hindi makabisita sa sentrong pagbangon ng negosyo, maaari silang mag-aplay online gamit ang nakasegurong website ng SBA sa https://disasterloanassistance.sba.gov/.

Ang mga kinatawan ng SBA ay makikipagpulong sa mga may-ari ng negosyo at mga residente sa mga sentrong pagbangon ng negosyo na matatagpuan sa lahat ng apektadong lugar kung saan ang mga ito itinayo. Para sa listahan ng mga lokasyon, o para makatanggap ng karagdagang impormasyon sa tulong sa sakuna, bisitahin ang website ng SBA sa www.sba.gov/disaster. Ang mga aplikante ay maaari ding tumawag sa Customer Service Center ng SBA sa (800) 659-2955 o mag-email sa disastercustomerservice@sba.gov para sa karagdagang impormasyon. Para sa mga taong bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita, mangyaring i-dial ang 7-1-1 upang maabot ang mga serbisyo ng telecommunications relay. Ang mga nakumpletong aplikasyon ay dapat ipadala sa U.S. Small Business Administration, Processing and Disbursement Center, 14925 Kingsport Road, Fort Worth, TX 76155.

Ang takdang panahon upang mag-aplay para sa pinsala ng mga ari-arian ay sa Oktubre 10, 2023. Ang takdang panahon para sa pag-aplay para sa pang-ekonomikong pinsala ay Mayo 10, 2024.

###

**Tungkol sa U.S. Small Business Administration**
Ang U.S. Small Business Administration ay tumutulong na palakasin ang pangarap ng Amerika sa pagmamay-ari ng negosyo. Bilang tanging mapagkukunan at boses para sa maliliit na negosyo na sinusuportahan ng kapangyarihan ng pederal na pamahalaan, binibigyang kapangyarihan ng SBA ang mga negosyante at may-ari ng maliliit na negosyo ng mga mapagkukunan at suporta na kailangan nila upang magsimula, lumago, mapalawak ang kanilang mga negosyo, o makabawi mula sa nasabing sakuna. Naghahatid ito ng mga serbisyo sa pamamagitan ng malawak na network ng mga tanggapan

ng SBA at pakikipagtulungan sa mga pampubliko at pampribadong organisasyon. Upang matuto nang higit pa, bisitahin ang www.sba.gov.